

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang Welcoming Streets Pilot Program kasama ang mga lokal na partner

BRAMPTON, ON (Marso 3, 2022) – Patuloy na gumagawa ng mga hakbang ang Lungsod ng Brampton para mapa-improve ang downtown nito sa 12-buwan na Welcoming Streets Pilot Program para sa Downtown Brampton.

Ang Welcoming Streets Pilot Program ay naglalayon na magbigay ng targeted street outreach na mga serbisyo sa mga indibidwal sa Downtown Brampton, na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga lokal na residente at negosyo at tumutulong sa pagpapaigting sa kaligtasan.

Sa pamamagitan ng programa, ang “Welcoming Streets Leaders” ay susuporta sa mga negosyo ng Downtown Brampton. Tutugon ang mga lider sa mga hiling para sa tulong sa mga sitwasyon na hindi nangangailangan ng tulong ng Peel Regional Police tulad ng mga indibidwal na labis na nasasaktan (distress), engage at bumubuo ng relasyon sa mga indibidwal na naninirahan sa downtown, at i-refer ang mga nangangailangan sa mga serbisyong pansuporta na maaaring kakailanganin nila. Ang Leaders ay matatagpuan sa Downtown Brampton Projects Centre na nasa ground floor ng City Hall, 2 Wellington Street West.

Ayon sa Rehiyon ng Peel, mayroong 4,566 katao ang nakakaranas ng pagiging walang tahanan sa Peel noong 2020. Noong Hunyo 2021, inaprubahan ng Rehiyon ng Peel ang \$250,000 bilang pondo para sa programa, isang partnership sa pagitan ng Lungsod at ng Rehiyon ng Peel, at suportado ng Downtown Brampton BIA, Peel Regional Police, Regeneration Outreach Community at Canadian Mental Health Association Peel Dufferin.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Welcoming Streets Pilot Program, bisitahin ang brampton.ca/downtownbrampton.

Mga Quote

“Kasama ang ating mga partner, patuloy tayong gumagawa ng malalaking hakbang sa pagpapa-improve sa ating Downtown para ligtas ito, nagsasali sa lahat at maunlad na espasyo para sa ating mga negosyo at residente. Ang Welcoming Streets Pilot Program ay magiging isang malaking suporta para sa ating mga residente at negosyo na matatagpuan sa downtown. Hinihintay nating makita ang mga resulta sa 12-buwan na pilot.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating mga negosyo sa Downtown Brampton ay naapektuhan nang malaki sa pandemya ng COVID-19, at sumusuporta sa kanila ang Lungsod sa lahat ng paraan na kaya natin habang nagsisikap sila tungo sa pagbangon. Sa pagpapabuti ng mga pagkakataon para makalikha ng mas ligtas at mas nakakalusog na mga espasyo ng publiko, gagawin nating mas welcoming ang ating downtown para sa lahat. Salamat sa ating mga partner sa pagsuporta sa atin sa Welcoming Streets Pilot Program.”

- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton

“Ang kaligtasan ng publiko ay napakahalaga para sa isang tumatanggap. maunlad na downtown, at dedicated ang Lungsod sa pakikipagtulungan sa ating mga negosyo at residente para tugunan ang mga alalahaning kaugnay ng kaligtasan, kasama ang ating mga partner, excited tayo na ihatid ang Welcoming Streets Pilot Program at tasahin ang mga resulta paglipas ng labindalawang buwan.”

- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton

“Sa Lungsod, committed tayo sa pagbago sa ating downtown para uunlad ang ating mga negosyo at ang mga residente ay magkakaroon ng pinagandang mga pampublikong espasyo para manirahan, magtrabaho at mag-enjoy. Gumaganap ng mahalagang papel ang kaligtasan dito, at ang Welcoming Streets Pilot Program ay makakatulong sa atin na tumugon sa kaugnay na mga alalahanin at suportahan ang mga residenteng nakatira sa lugar.”

- Richard Forward, Commissioner, Planning, Building and Economic Development, Lungsod ng Brampton

“Ang Welcoming Streets Pilot Program ay ang bunga ng matinding pagtutulungan. Ikinagagalak kong suportahan ang paglulunsad ng pilot na ito sa Brampton, para matiyak na ang downtown ay isang mas tumatanggap na lugar para sa mga residente at negosyo.”

- Nando Iannicca, Rehiyon ng Peel, Panrehiyong Chair

“Ikinagagalak ng Peel Regional Police na suportahan ang paglulunsad ng Welcoming Streets Program. Itinataguyod namin ang upstream na mga paraan para makatulong sa pagpapagaan ng hindi agarang mga interaksyon sa mga nasa krisis at nangangailangan ng pansuportang mga serbisyo, at ang pilot na proyektong ito ng Lungsod Brampton at ng Rehiyon ng Peel ay isang napakahusay na halimbawa ng mga pamamaraang ito. Hinihintay namin na makipagtulungan sa aming mga partner para mas mapaganda ang welcoming atmosphere ng Downtown Brampton.”

- Nishan Duraipah, Chief of Police, Peel Regional Police

“Excited ang Downtown Brampton BIA na makitang nagkakabuhay Welcoming Streets Pilot Program. Ang programang ito ay magbibigay ng malaking suporta sa ating mga negosyo at makakatulong na gawin ang Downtown Brampton na mas ligtas at nagsasali sa lahat na lugar para pakinabangan ng lahat.”

- Suzy Godefroy, Executive Director, Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA)

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at



BRAMPTON

Media Release

pangkapoligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca